NANG TUMAWA ANG DIYOS

ni Benjo Gutierrez

SYNOPSIS: Months after the brutal pandemic, God decided to root upon his people by reteaching them the rules and how-to's of praying. God went down to a small barangay in Taguig called Hagonoy where he experienced the cons of being a mortal man who is capable of feeling. God's journey in Hagonoy made him contemplate on its own existence and the privilege of living comfortably above the clouds as God. And not a mortal man, of course.

Matapos ang kaniyang mabilis na siesta, bumalik ang Diyos sa kaniyang trabahong pagpapabuti sa kalagayan ng mundo. Isa-isa niyang pinapakinggan at iniimbentaryo ang mga dasalin ng mga tao sa kaniyang pang-anim na daang milyon, tatlumpung libo at dalawang kwaderno ngayong araw. At tanghali pa lang.

Chopsuey ang mga dalangin na nanggaling sa ating mundo—mula sa sana ay may makain pa mamayang hapunan, hanggang sa sana ay manalo mamaya sa tong-its, patungo sa dasaling nawa ay matigil na ang giyera sa pagitan ng mga bansa. Sa milyon niyang kwaderno ng mga dasal, ang kumalabit sa kaniyang atensiyon ay ang apat na daang milyong kwadernong naglalaman ng sana—bukas—ay maghilom na ang mundo mula sa pandemya.

Bakas ng Diyos ang pagdarahop ng daigdig, lalo na sa Pilipinas. Sa katunayan, pang-limang siesta na niya ito mula kaninang alas otso at mag-a-alas dose pa lamang. Kaninang umaga ay inalmusal niya kaagad ang trabahong sinabayan ng kape. Halos siyam na buwan na rin kasing ganito ang natatanggap niyang mga dasal. Tumabang na ang tanggap niya sa mga panawagang mawala na ang sakit at kung anu-ano pang sangay-sangay na dasaling nakaugat dito, pero dahil siya ang Diyos, wala siyang magawa kung hindi ang makinig nang makinig nang makinig. Sa unang buwan ay puro positibong dasalin pa ang natatanggap niya, na sana'y bugawin niya ang pesteng dumapo sa mundo dahil sa sukbit nitong kamatayan kung nagkataon. At nagkatotoo nga dahil padilim na nang padilim ang mga dasalin ng mga tao mula noon na hinaluan na ng mga pagdududa't batikos sa kakayahan niya bilang Diyos at kung nakikinig pa ba siya. Sa ikalimang buwan, ang

#PandemicLiteratureProject

mga dasaling ibinubulong na ng mga tao ay sana'y hindi sila mahuli sa kanilang pagnanakaw ng pagkain dahil ito na lang ang napili nilang paraan mula noong nakaraang buwan pa sila nawalan ng trabaho at siyempre, kasalanan ng pandemiko. Ani nila, mas mabuti nang mamatay sa sakit kaysa sa sakit na makitang walang makain ang kani-kanilang mga pamilya. Sa pangatlong buwan, ang karamihan ng mga dumarating na dasal sa kaniya ay mga pakiusap na sana ay payagang mailamay ang kanilang mga mahal sa buhay kahit saglit lang, na sana'y kung mamamatay sila ay tanggapin sila sa langit kahit tatlo, o apat na araw lang na para bang sigurado na sila sa kanilang kahihinatnan sa gitna ng pandemya.

Nabahala ang Diyos sa mga dasaling ipinatangay sa hangin. Para bang hindi na sila dasal. Pagsusumamo na. Pakiusap. Habilin. Napaisip siya kung alam pa nga ba natin ang esenysa at kahulugan ng pagdadasal. O kung may kahulugan pa ba ito, at ang tingin na lamang natin dito ay mga buhong salitang habambuhay nang tatangayin ng hangin kung saan man niya naisin. Baog na ang mga dasal. Dahil dito, napagdesisyunan ng Diyos na bumaba sa lupa upang palakasin ang loob ng mga Pilipino at higit sa lahat, turuan sila kung paanong magdasal muli.

Dumudutdot at namimili ng lugar na kaniyang bababaan sa mapa, nakangiti niyang iniisip ang magiging reaksyon ng mga Pilipino sa kaniyang pagdating. Marahil ay may mga luluha—dahil sa buong buhay nilang makasalanan, hindi nila lubos maisip na makikita nila ng mata sa mata ang Diyos na dati'y binubulungan lang ng kani-kaniyang mga dasal, takot, at pasasalamat. Siguro may mga maglulupasay sa sahig—magpapakumbaba, bibitawan ang kanilang mga makamundong pag-aari't posesiyon at isusuko ang lahat sa Lumikha. Malamang hihimatayin sa gulat ang mga taong nakikita ang kaniyang imahe kung saan-saan—sa pader, sa kung anong porma ng ulap, o usok na ibinuga ng pumutok na bulkan. Hindi na mapakali ang Diyos: sabik na siyang lumikha ng himala.

"Saan niyo po ba balak bumaba?" tanong ng mga bituin. "Sa kung saan walang-wala," sagot niya "may mairerekomenda ba kayo?" Nagningning ang mga bituin at bumuo ng mga letra bilang tugon: Ha-go-noy. Sabi ng Diyos, "Sa Hagonoy? Sa Taguig?" kumunot ang kaniyang noo at mabilisang sinipat ang Hagonoy. Nakita niya ang walang pagkaing mga plato, walang perang mga pitaka, at walang lamang mga dasal. "Walang-wala," sabi niya sa sarili. "Sa aking pagbaba, mabibigyan ko ng pag-asa hindi lamang ang Hagonoy, pati ang kabilang dako ng globo, tagos pa," sabik niyang sinabi sa mga bituin habang pinapanood ang kamayroonan ng wala sa napiling bababaan. "Lalakad ako sa Hagonoy at hihimukin ko ang lahat na maglakad kasama ko, pagpawisan kasama ko, at maniwala sa

#PandemicLiteratureProject

kapangyarihan ng lumikha dahil ako, ang Diyos, ay bababa at magkakatawang tao upang magdahop kasama nila."

"Sigurado po kayong gusto ninyong maging tao?"

"Oo."

"At maging Pilipino panandalian?"

"Kahit gaano katagal. Hangga't wala silang pag-asa, hindi ako aakyat. Hanggang magkalaman ang kanilang mga dasal. Hanggang matuto ulit silang magdasal."

"Pero alam niyo namang hindi kayo babalik sa pagiging Diyos kapag walang nagdasal sa inyo, hindi ba? Paano kung hindi na kayo maging Diyos at makabalik sa langit? Paano kung maging tao na lang kayo habambuhay? Buo na po ba ang desisyon ninyo?"

"Sigurado na ako. Ano ba kayong mga bituin?" may pagmamalaking sagot niya "Ako ang Diyos at may mabuti akong hangarin para sa mundo. Hagonoy lamang ang simula. Tiyak na sasalubungin nila ako nang buong galak at bukas-puso. Magsisimula na ulit magdasal nang tama ang buong mundo."

Alam ng Diyos ang kahihinatnan niya sa oras na iwanan niya ang langit: ang maging tao. Sa oras na tumapak ang kaniyang banal na mga paa sa lupa, mararanasan na niyang maging nilikha niya, daang-taon na ang nakalipas. Magkakaroon na siya ng emosyon. Hindi lamang basta emosyon. Emosyong alam niya dahil siya mismo ang nagpataw nito sa tao ngunit hindi niya pa kailanman naramdaman. Magkakaroon na siya ng kapasidad matakot, kabahan, at magalit. Pwera sa emosyon, makakaramdam na rin siya ng gutom, sakit, at pagod. Lahat ng ito ay inaabangan siya sa oras na dumampi ang kaniyang hinlalaki sa mundo. Handa na niyang salubungin ang mundo na parang inuluwal siyang muli.

Pumutok ang panubigan ng mga ulap sa bumbunan ng Hagonoy. Diniligan nito ang aspaltong uhaw dahil sa lintik na tirik na araw. Sa sandaling iyon, alimuom lang ang kilalang amoy ng Hagonoy. Ang makipot na kalsadang puro alikabok ay napuno ng putik sa pagbagsak ng ulan. Lumangoy din sa mga kanal ang mga plastic ng instant noodles na laman ng ayuda ng gobyerno para sa mga pamilyang naparalisa ang hanapbuhay gawa ng pandemiko. Wala ring mga naliligong kabataan sa kalsada hindi tulad dati. Baka paluin lang sila sa tumbong ng kanilang magulang kapag nagpumilit pa silang lumabas sa panahon ngayon. Ang tanging sumalo ng ulan ay ang mga trapal ng mga barangay tanod na front liners. Tila ba

hinilamusan ng ulan ang Hagonoy ngunit imbis na mawala ang mga muta ng barangay, lalo pa nitong ipinakita ang mukha ng pandemya sa lugar.

Paghupa ng ulan, iniri ng langit ang Diyos—walang magarbong suot, naka-beach walk na may pulang strap, maong na kupas, at puting t-shirt. Simpleng-simple. "Bababa ako saglit, magpapakita at sasabihing naghimala ako at pagkatapos babalik ako sa langit. Simpleng-simple," ang tanging iniisip niya habang marahang ginigiba—at bumababa—ang harang sa pagitan ng Diyos at pananampalataya ng sangkatauhan sa pamamagitan ng Hagonoy. Baba, himala, ibalik ang pananampalataya sa kaniya, sabay panhik: simpleng-simple. Ganyan ang planong inilatag ng Diyos sa kaniyang panandaliang pagbaba, sa kaniyang panandaliang pagiging tao. Hinawi ng Diyos ang mga ulap upang magtapon ng isang nakasisilaw na liwanag rekta sa maputik na kalye ng Hagonoy. Sa taka ng komunidad, nilabas nila at sinipat kung saan nanggagaling ang liwanag. Tumingala, tinakpan ng kamay ang kanilang silaw na mga mata at naaninag ang isang taong pababa sa lupa. "Diyos ko, ikaw na ba 'yan?" sigaw ng isang babaeng maluha-luha sa nakikita. Sumagot ang Diyos habang naliligo sa liwanag na kaniyang nilikha sa kalagitnaan ng kaniyang pagbaba "Oo, anak ko, ako nga ito." Kung kanina'y ulan, ngayon nama'y luha ng mga tao ang dumampi sa kalye ng Hagonoy. Hindi nila mapigilan ang nararamdaman dahil sa nasasaksihang himala. Sa unang pagkakataon sa kasaysayan ng tao, bumaba mismo ang Diyos para damayan ang kaniyang nilikhang mga tao.

Rumektang baba ang Diyos sa Puregold Jr. malapit sa talipapa ng Hagonoy. Sinalubong kaagad siya ng mga pedicab driver na nakaparada sa gilid ng establisimiyento. Mukhang magtatagumpay na agad siyang ibalik ang pananampalataya ng mga tao, at wala pa siyang limang minuto sa mundo. Nakangiti niyang sinalubong ang mga taong umalon papalapit sa kaniyang pangpang ng kabanalan. Binilugan siya ng mga pedicab boys na parang silya sa isang larong pambata, may distansya sa pagitan nila. Suot-suot ang kanilang facemask na may ngiti ni Pacquiao, nginitian nila pabalik ang Diyos. "Ikaw ba ang Diyos?" tanong ng isang padyak ng pedicab habang sinusuri ang Diyos mula ulo hanggang paa. Alam ng Diyos ng mangyayari ito, at alam niya rin ang itutugon kung kaya't binuksan niya ang kaniyang mga braso na para bang niyayaya papunta sa kaniya ang mga padyak. "Oo, anak ako nga Diyo—" sapak sa mukha ang inabot niya. "Kining ina mo ka, nakikinig ka ba sa mga dasal namin? Wala na kaming mapakain sa mga pamilya namin dahil bawal pumasada ang pedicab noong ECQ!" galit na galit na bwelta nila habang pinapaulanan ng sapak ang Diyos. Nagmistulang mga batang nag-aagawan sa upuan kung magkarambola sila ng

#PandemicLiteratureProject

sapak sa Diyos. "Kung di ka ba naman gago, bakit mo lalagyan ng COBID ang mundo? Tarantado! Maraming nawalan ng trabaho! Hindi na nga sapat kinikita namin, papahirapan mo pa kami? Diyos ka ba?!" Patuloy sa pagpapaulan ng suntok at tadyak ang nanggagalaiting mga padyak. Sa pagkakataong ito, alam niyang hindi na siya Diyos dahil nagkaroon na siya ng kapasidad na makaramdam ng sakit tulad ng isang normal na tao. Unang beses niyang masugatan, unang beses niyang matikman ang dugo mula sa labing dinampian ng mga galit na paang puro kalyo bunsod ng araw-araw na pagtatrabaho. Sa sandaling ito alam niya sa sariling tao na siya.

Habang tinatanggap ang bawat sapak at tadyak napaisip siya: tulad ng isang tao, kailangan niya ng pangalan tulad ng pagtatakda niya ng pangalan sa mga bagay-bagay na kaniyang nilikha. Hindi niya inakalang darating ang panahon na papangalanan niya ang sarili alinsunod sa kaniyang nilikha. Sa unang pagkakataon din sa libong-taon niyang buhay, nakaramdam siya ng pagiging maliit. Dumulas na sa kaniyang kamay ang kaniyang pinanghahawakang hindi lang siya Diyos—siya Ang Diyos. Hindi sinasadyang dumulas sa kaniyang dila ang mga salitang *putang ina* sa gitna ng kaniyang realisasyon habang binubugbog siya ng mga padyak na tambay sa tapat ng Puregold Jr. Gulat na gulat siya sa nasabi pati na rin ang mga padyak. "Par hindi yata Diyos 'to, e," sabi ng isang padyak. Tinitigan ng mga hinihingal na pedicab driver ang Diyos habang nakahiga, tulala, at walang imik. "Oo nga, e. Tang inang 'yan, may Diyos bang nagmumura?" sagot nito. "Gago Par, panggap 'yan," dagdag niya. Nagkalasan ang mga pedicab boys sa Diyos na parang mga buwitreng katatapos lang kumain. Tawang-tawa sila sa dalawang bagay: sa akto ng pagmumura ng inakala nilang Diyos at sa katotohanang pag-uwi nila ng bahay, madadatnan nilang tinulugan ng kanilang pamilya ang nangangalabit na gutom. Ikinukubli sa bawat pantig ng tawa ang agam-agam sa pag-uwi. "Tara na nga! Tang inang Diyos 'yan. Hoy, kung Diyos kang kupal ka gawin mo trabaho mo," utos ng mga api. Iniwan nila ang Diyos na nagtatanong sa sarili: Diyos ba ako? Nahiga lang ang hitik sa bugbog na Diyos. Minantsahan ng putik at talsik ng dugo ang kaniyang puting damit at maong na pantalon. Panandalian siyang nagpahinga. Tumihaya. Tumingin sa langit at agad pumikit. "Kanino na ako hihingi ng tulong ngayong ako ang Diyos?"

"Ikaw po ba si Papa God?" May maliit na boses siyang narinig. May lilim na dumampi sa kaniyang bugbog saradong mukha: isang batang may onse ng sipon sa parehong butas ng ilong na bagaman malapot, malapit nang dumampi sa banal ng noo ng Diyos. Tumayo ang Diyos sa gulat. Muntik na niyang mahagip ang bata. Nakapaa, maikli ang salawal at may sandong bitin na kulay putim ang batang

#PandemicLiteratureProject

musmos na nasa limang taong gulang siguro, tantiya niya. "Ikaw po ba si Papa God?" Inulit niya ang tanong. Hindi siya makasagot. Hindi niya alam kung karapat-dapat niyang sagutin ang musmos na bata gamit ang dilang nagmura kani-kanina lang. Sinagot niya na lamang ng tanong ang tanong, "Bakit ka nasa labas? Nasaan ang mga magulang mo?" Lumapit ang bata at may kinuha sa salawal, sa bandang puwit. "'To o," inabot ng bata ang gamit nang facemask. "Sabi ni Papa, dapat daw may facemask kapag lumalabas. Wala raw kaming perang pampagamot," dagdag nito. Walang anu-ano'y kinuha ng Diyos ang laspag na facemask. Bakas dito ang ilang beses nang paggamit na siya lamang ang nakakaalam. Lumuhod ang Diyos, "Bakit mo ito binibigay sa akin?" Humagikgik ang bata sabay sabing "Para pakinggan mo po dasal namin, sabi ni Papa." Tumakbo papalayo ang bata papunta sa isang looban kung saan siya sinalubong ng isang lalaking masama ang tingin sa kaniya. "Peke naman daw 'yan, e!" sabi ng lalaki habang lumalakad sila papalayo sa Diyos at rinig niya ang pagtawa ng mag-ama noong sinabi ng tatay ng bata na cup noodles na naman ng ulam nila. "One week, tatay?" patawang tanong ng musmos.

Dahil sa nangyaring bugbugan kani-kanina lang, may mga dumating na barangay tanod para rumesponde. Humahagos dahil sa katandaan, kani-kaniyang tingin sila at takbo sa paligid. "Asan?! Asan?!" Naghahabol sila ng hininga. "Ayos lang ako, mga anak. Huwag kayong mag-alala," sabi ng Diyos sa kaniyang dakilang paraan. "Aha, ito pala ang putang ina e!" sigaw ng isang tanod. Inilabas ng mga tanod ang kanilang mga yantok at posas at inihagis ito sa Diyos "O, ayan. Iposas mo ang sarili mo. Bawal kaming lumapit, social discleansing daw, ano ba 'yun ulit? A, distancing pala. Basta! Bawal maglapit-lapit," mando ng punong-tanod. "Nagkakamali kayo mga anak, ako ang nabugbog. Hindi ako ang nanakit. Pero ayos na, napatawad ko na sila," sabi ng Diyos. Naghagalpakan ng tawa ang mga tanod. Kasabay ng kanilang pagtawa ang pagpukpok nila ng mga yantok sa lupa. "Gago ka na ba? Hindi namin tinatanong kung sinong hudas ang napatawad mo." Takang-taka ang Diyos sa sinabi ng tanod. "Hindi mo pa rin nahihinuha?" Wala siyang maisip na kung ano man. "Sige para madali, ganito na lang. 'Di ba galing kang langit? Bumaba ka sa lupa, tapos deretso Hagonoy, tama?" Tumango ang Diyos. "O, e nasaan travel pass mo? Alam mo naman na kailangan 'yon kapag nabiyahe, 'di ba?" pagdidiin ng tanod. "Pero bumaba ako para sa inyo, para bigyan ng pag-asa ang mundo at turuan kayo kung paano magdasal," sagot ng Diyos. Inilapit ng tanod ang kaniyang mukha sa mukha ng Diyos. Isang dangkal ang pagitan ng kanilang mga laspag na face mask. Mas malakas kaysa kanina, naghagalpakan ng tawa ang mga tanod. "Dasal? Anong dasal?" tanong ng isa, naghahabol ng hininga at nagbabawi ng hangin mula sa hagalpak, "Bakit? Paano ba magdasal, Diyos ko?"

#PandemicLiteratureProject

nagpatuloy sila sa katatawa. "Alam niyo mga anak, hindi na kayo marunong magdasal. Kaya ako nandirito upang muli kayong turuan ng tamang paraan ng pagdadasal," sambit ng Diyos. "O, sige nga! Kung Diyos ka talaga pagdikitin mo nga mga palad namin!" hamon ng isang tanod. "Anak, hindi ko kayang pilitin kayong magdasal. Ang tanging magagawa ko lamang ay himukin kayo sa pananampalataya at sa inyong mga sarili ay kusang magdasal," mahinahon na tugon ng Diyos sa gitna ng panti-trip sa kaniya ng mga tanod. "Ay, wala pa 'to, e. Wala 'to, ''di 'to Diyos!" kantiyaw nila. Alam ng mga tanod na walang kapangyarihang magparusa o gumamit ng kaniyang kapangyirahan ang Diyos sa lupa na siya ring alam ng Diyos. Pero dahil mapilit ang mga tanod, pinagbigyan na niya ang mga ito. "Ganito, pagbilang kong tatlo, magdidikit ang inyong mga palad. Isa, dalawa—" Sunond-sunod na tig-iisang palakpak ang binigay ng mga tanod. "Ay, pota! Diyos nga 'to! Dalawa pa lang nagdikit na, o!" sabi ng mga tanod habang pinapanindigan ang kanilang trip ang Diyos ang kanilang mismong pasahero. "E, teka. Paano naman namin 'to mapapaghiwalay? Hindi naman puwede 'to, 'diba Papa God?" nagpipigil na ng tawa ang ibang mga tanod. "Ganoon din, pagbilang kong tatlo, mga anak, maghihiwalay ang inyong mga palad: isa, dalawa, tat— " Pekeng hiyawan ang reaksyon ng mga tanod. "Puta, totoo nga 'tong Diyos na 'to! Galeng, galeng, galeng, galeng! Sige, dahil magaling ka, pumunta kang barangay hall at bibigyan kita ng quarantine at travel pass para naman maturuan mo ring magdasal ang ibang mga taga-Hagonoy, ayos ba?" natatawa-tawang sabi ng tanod bago iwanan ang Diyos.

Ganoon naman sa Hagonoy, tinatawa lang ang mga problema sa buhay na hindi na kayang solusyunan. Nangungutang sa tindahan para may pangkain at hindi pinayagan ng tindera? Tatawa na lang. Walang pampagamot sa ospital sa kabila ng malubhang sakit? Tatawa na lang. Walang pambili ng assignment sa school dahil walang pambili? Tatawanan na lang. Ganoon na lang—tatawanan ang mga bagay na hindi masolusyunan. Babalikan ng halakhak ang hirap ng buhay. Pambalanse ba sa pait at pangungutya ng tadhana. 'Yun nga lang, sa pagtawa nila sa mga problema ay lalong naiinis ang kanilang kapalaran at lalo pa silang pinagkakanuno sa malas.

Sa pagkakataong iyon, kahit huwad, naramdaman ng Diyos ang kaniyang pagiging Diyos dahil, kahit huwad, nakapagpasunod siya ng isang taong naniniwalang siya ay Diyos, kahit huwad. Bahagyang nawala ang kaniyang pagtataka sa sarili kung Diyos ba siya talaga. Ngunit agad itong binawi ng lohikang kung ang Diyos ang nagpapasunod, sino ba ang unang nagtulak sa kaniya upang gawin ang kaniyang ginawa? Muli siyang kinulit ng mga agam-agam patungkol sa

#PandemicLiteratureProject

kaniyang sarili. “Paano ba maging Diyos?” bulong ng kaniyang isipang hapo na sa kaiisip. Ito ba ay ang pagiging superyor niya kumpara sa kaniyang mga likha? Ito ba ay ang pagkakaroon ng hindi nasusukat na dunong mula sa kanila? O baka naman ang pagiging Diyos ay ang walang-hanggangang pagbibigay ng mga pagsubok sa tao upang sila’y mas mapabuti dahil alam ng tao at kadalasan, inaasa lahat sa kaniya—kung hindi kay Batman. Kung ano man ang nagpapa-Diyos sa Diyos, wala na siyang pakialam. Ang pagiging Diyos para sa kaniya sa ngayon ay pagbabalik ng pananampalataya ng tao sa kaniya at muling paggunita sa proseso ng pagdarasal. Ayaw talaga siyang tantanan ng kaniyang mga ideya. Kinukulit siya ng kaniyang adhika at sabay tanong sa sarili: paano nga ba ulit ang magdasal?

Napuno ng tao ang kahabaan ng Hagonoy na para bang mga langgam na pinagpapasa-pasahan ang matamis na chismis na bumaba ang Diyos. Binulabog ng usap-usapan ang bawat pintuan, ang bawat bulsang walang pera, ang bawat tiyang kalam lang ang alam, ang bawat bungangang makasalanan, at bawat pananampalatayang walang laman. Kumalat ang balita, at tila mga itim na langgam, agad-agad luminya ang komunidad siyempre na may pagitan sa bawat isa. Natuwa ang duguang Diyos sa kaniyang nasisipat dahil sa wakas, pagkakataon na niyang maibalik ang pananampalataya ng tao sa kaniya na may kaakibat ng tamang paraan ng pagdarasal. Kaniya-kaniyang tingin paibaba ang mga residente sa duguang Diyos na siya namang ngumingiti pabalik. “Mga anak,” sabi niya “bago ako tumungo sa barangay hall para kumuha ng travel at quarantine pass ay nais kong magbigay ng maikling talumpati.” Walang mababakas na kahit ano sa mata ng mga taga-Hagonoy. Ang mga kalalakihang may naglalakihang mga tiyan ay nakatindig nang matayog parang manok na pulang panabong na handang umalpas ano mang sandali habang ang mga kababaiha’y kalong-kalong ang kanilang mga sanggol, lahat sila’y suot ang pangatlong linggong facemask na ginagamit sa araw-araw. “Huwag kayong matakot! Ako ang gumawa ng sakit, ako rin ang gagawa ng solusyon!” litanya niya. Nagpantig ang tainga ng mga tao sa narinig. Itinanong nang mabagal, “Ibig mong sabihin, ikaw ang gumawa ng sakit?” Tumahimik ang paligid. Kahit mismo ang ingay, nahiyang mag-ingay dahil sa lapot ng hanging umiihip sa Hagonoy. “Narinig ko ang inyong mga panalangin. Oo, sila’y mga dasal ngunit hindi sila tamang dasal. Ang magdasal na sana mamatay na Presidente dahil sa kakulangan niya sa pagsugpo sa pandemya? Ang pagdarasal na sana ay hindi mahuli ng mga pulis kapag nang-holdap pambiling pagkain? Ang panaka-nakang pagdarasal na sana, tamaan ng sakit ang mga kurakot na lingkod-bayan? Hindi ito ang tamang paraan ng pagdarasal,” sabi ng Diyos. “Sagrado ang pagdarasal. At ang dasal, kapag may tamang sangkap ay nagiging panata,” dagdag niya.

#PandemicLiteratureProject

Sa isang iglap, ang mga buhong mga mata ay napuno ng katanungan. “E, paano ba magiging tama ang sangkap ng sinasabi mong dasal?” may sumingit na tanong. Nagsimulang maglakad ang Diyos habang sinasagot ang kanilang mga tanong. “Kapag inilagay mo ang iyong lahat—ang iyong mga panininiwala at pananampalataya sa isang bagay ay tuluyan siyang magiging tamang dasal at kalauna’y magiging panalangin,” sagot niya. “At hindi lang sa nakukulong sa pagdarasal ng tama ang panalangin: kapag inilagay ninyo ang inyong lahat sa isang bagay ay nagiging dasal ito. Kapag buong puso at lakas na tinapakan ng mga padyak ang pedal ay isang uri na ito ng dasal. Kapag ang mga tanod ay taimtim na rumoronda, sa isang paraan, ay nagdarasal na rin sila. Kapag ang taumbayan ay naniwala sa kaniyang pamahalaan, ito rin ay isang uri ng pagdarasal,” litanya ng Diyos. Kumunot-noo ang mga tao at kinumutan sila ng pagtataka. Unti-unting nararamdaman ng Diyos ang tagumpay sa dahilan kung bakit siya bumaba. Bulong-bulongan ang mayroon sa kaliwa’t kanan niya sa kaniyang paglakad.

Pumasok ang mga tao sa kani-kaniyang bahay. Nagalak ang Diyos. “Marahil sisimulan na nilang magdasal,” sabi niya sa sarili. Ang kumpyansang nalugi kani-kanina lang para sa sarili ay dahan-dahan nang bumabalik nang biglang may nagbato sa kaniya ng delata at rektang tumama ito sa kaniyang bumbunan. Nasundan ng isa pa, dalawa, at tatlo pa ang mga lumilipad na corned beef at sardinas na may budbod ng durog na pancit canton ang kahabaan ng Hagonoy. Nagsisisigaw ang Diyos sa kaniyang paglalakad. “Bakit ninyo ako binabato mga anak?!” sinalubong niya ng tanong ang mga lumilipad na lata habang hinaharangan ang kaniyang ulong duguan. “Tang ina mo! Tang ina mo! Kasalanan mo kung bakit nagkaganito ang mundo!” ngawngaw ng taumbayan. Buong paniniwala’t pananampalatayang binabato ng mga tao ang kanilang mga ayudang natanggap papunta sa Diyos. Sa bawat bato ay may gigil at paniniwalang pinagkanuno sila ng Diyos. Ibinala sa bawat delata ang muhi, galit, at pagdarahop—kanilang lahat ngayong pandemya. Ganito manalangin sa Hagonoy. Sa bawat tama ng delata sa kaniya, diinan niyang naisip kung bakit siya naglalagi sa langit—takot siyang makita harap-harapan ang kaniyang mga nilikha.

Tinanggal niya ang harang sa kaniyang ulo. Tumingala sa gitna ng umuulang mga delatang ayuda. Walang habas at walang takas niyang hinarap ang bulalakaw ng dasal habang humihingi ng tulong sa itaas. Kasabay ng kaniyang paghihirap ay ang halakhak ng mga tao sa sakit na dinaranas ng Diyos. Para sa kanila, ito na lang ang bawi nila sa lahat ng dasaling tablado. Sa gitna ng galit, tumawa nang malakas ang Diyos. Kumunot ang noo ng mga tao mula sa kanilang mga bahay at natigil sa pagbato. Napatanong kung Diyos ba talaga ang kaharap nila. Nabingi sa mga

#PandemicLiteratureProject

pumipilantik na pantig ng tawa ang Hagonoy. Tawang-tawa ang Diyos sa kaniyang danas sabay sabing "Ay, puta!" naliligo sa sariling dugo "kanino ba ako nagdadasal?"

Nang nagsimulang tumawa ang Diyos ay pumasok sa kani-kaniyang bahay ang mga tao, takot na takot. Lumuhod, tumahimik, pumikit at bumulong. "Diyos ko, kakayanin po namin lahat. Ilayo niyo lang po kami sa badya ng demonyo," dasal nila.

#PandemicLiteratureProject